



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

# Mga Tagpo Sa Buhay Ng Propeta Muhammad(Saws) Kasama Ng Kabataan



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Sinabi ng Allah; “At katotohanang ikaw (Muhammad) ay nagtataglay ng mataas na antas ng kaasalan.” Koran 68:4

Napapaloob sa bersikulong ito ang pagsasaksi ng banal na Koran sa kabutihan ng pag-uugali ng Propeta Muhammad(saws) sa lahat ng aspeto.

Katotohanang ang mga kabataan noon sa panahon ng sugo(saws) ay nabahagian niya ng kanyang mabuting pakikitungo at pagkalinga, at kung tayo ay magbalik-tanaw sa mga tagpo ng buhay ng sugo(saws), ay ating masisilayan ang isang taong nagtataglay ng napakabuting pag-uugali at pagmamalasakit sa mga kabataan.

Isa sa mga halimbawa ng habag at awa ng sugo sa kabataan ay noong siya’y namaalam sa pumanaw niyang anak na si Ibrahim. Siya ay lumuha at napaiyak sa tindi ng lungkot, ngunit ito ay hindi inaasahan ng kanyang mga kasamahan, kaya’t sila ay nagtanong: “At kayo rin O! sugo ng Allah?” (matindi ang hinagpis...), sumagot ang sugo(saws): [Katotohanang ang mata ay napapaluha at ang puso ay nalulungkot, ngunit atin lamang bigkasin ang mga katagang kinalulugdan ng Allah, tunay na sa iyong pagpanaw O! Ibrahim kami ay nalulungkot.]. Al-bukhari at Muslim.

Nakaugalian na ng Propeta Muhammad(saws) ang pakikipaglaro sa mga bata. Naisalaysay na ang kanyang dalawang apo na sina Al-hasan at Al-husain ay kanyang pinababayaang siya ay kabayuin kahit pa siya ay nagsasagawa ng salah at nakapatirapa. Gayundin ang apo niyang si Umamah na anak ni Zainab, kanya itong buhat-buhat habang nagsasalah at ibinababa niya lamang ito kapag siya ay yumuyukod na at nagpapatirapa.

Napakabuti ng pakikitungo ng sugo(saws) sa mga kabataan at sila ay kanyang ginagalang. Kanyang ini-aangkas ang mga ito sa kanyang sasakyan, isinasama sa pagtitipon ng mga nakatatanda, kinakausap at pinangangaralan. Isinalaysay ni Umar bin abi Salamah: “Noong bata pa

lamang ako ay kasama kong naninirahan ang sugo(saws) sa iisang pamamahay. At sa tuwing kami ay kumakain, ang aking mga kamay ay malikot na umiikot sa pinggan, kaya't sinabi ng Propeta: [O anak! Bago kumain ay banggitin mo ang ngalan ng Allah, at kumain ka gamit ang kanang kamay, at kainin mo lamang ang pagkaing malapit sa iyo.] kaya't mula noon ay ganoon na ang aking kaparaanan sa pagkain." Al-bukhari

Katotohanang batid ng Sugo(saws) na ang kabataan ang magiging pundasyon ng lipunan, kaya't malaking hamon at responsibilidad para sa mga magulang, guro at komunidad ang mabuting pagpapalaki sa kanila. Tunay na ginampanan ng Propeta(saws) ang responsibilidad na ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mabuting asal, tulad ng pagbati ng sugo(saws) sa kabataan ng kapayapaan kapag nagkasalubong, malumanay na pananalita, at pagpapahalaga sa kanila upang maitanim sa kanilang mga puso't isipan ang tiwala sa sarili at katatagan. Si Anas bin Malik ay nagsabi noon(tungkol sa Sugo): "Wala akong kilalang ibang tao na hihigit pa sa Sugo ng Allah(saws) pagdating sa habag at awa sa kabataan." Muslim

Sinuman ang siyang sumuri sa talambuhay ng Propeta Muhammad(saws) ay katotohanang kanyang masisilayan ang pagpapahalaga ng Sugo sa mga bata at paggugol niya sa kanila ng bahagi ng kanyang oras. Katotohanang ang Propeta Muhammad(saws) ay isang amang malambing at mapagmahal sa anak, at matalinong tagapagturo sa kanila, anupa't ang yugto ng kabataan ang siyang pinakamainam sa panahon upang ituro ang kaasalan at mabuting pag-uugali.

Katotohanang ang buhay ng Sugo(saws) ay isang huwaran para sa mga mananmpalataya na nagtataglay ng ganap na pamamaraan sa pagpapalaki at tamang pakikitungo sa kabataan, gayundin ang pangangalaga sa kanilang mga karapatan na tunay na ipinag-utos ng ating dakilang relihiyong Islam.